# Panahon ng Pagpapatala sa MEDICARE

This is an Official U.S. Government Product

## Natapos na ba ninyo

# Ang inyong taunang pagbabalik-aral para sa inyong MEDICARE?

### Panahon ng Pagpapatala sa MEDICARE

Ika-15 ng Oktubre hanggang ika-7 ng Disyembre

**Higit na matibay ang kasalukuyang MEDICARE dahil sa: iba't ibang benepisyo para sa mga kasapi, sa mataas na kalidad ng mga pagpipilian, at sa mababang halaga ng inyong babayarin.**

- Dahil sa Health Care Law, higit na marami ang benepisyo ng MEDICARE – walang bayad anumang tutulong at magpapalaganap ng inyong kalusugan, cancer screening, at taunang bisitang pangkalusugan.
- Higit na mababa ang halaga ng gamut na hindi "generic" kung kayo ay kabilang sa tinatawag na "donut hole" Dahil higit na mura ang inyong mga gamut na may reseta, lalo kayong makatitipid.

Taun-taon, may mga bagong pagpipiliang plano na pangkalusugan at para sa reseta na angkop sa inyo.

Sa pagdating ng taglagas (Fall), pag-aralan ninyong mabuti ang mga planong pangkalusugan at para sa reseta upang masigurado ninyong angkop pa rin ang inyong plano sa inyong pangangailangan.

# Angkop ba sa inyong kasalukuyang pangangailangan ang inyong plano?

**May listahan ang MEDICARE ng lokasyon ng mga tagapag-bigay ng serbisyong pangkalusugan at mga butikang tumatanggap ng MEDICARE sa inyong kinaroroonan**

- ✓ Sa halagang higit na mababa
- ✓ Halaga ng inyong gamut na sakop ng plano
- ✓ May pahintulot kayong tangkilikin sinumang duktor o saan mang butikang inyong nais

**Makakukuha rin kayo**

- ✓ Magkano ang inyong babayaran sa tuwing gagamitin ninyo ang inyong MEDICARE
- ✓ Inyong haka-haka at palagay ukol sa pakikitungo sa inyo ng mga kinatawan ng MEDICARE

Pag-isipan ang planong angkop sa inyong pangangailangan para sa susunod na taon. Kung nais ninyong magpalit ng plano, maari lamang na tumawag at ipaalam sa MEDICARE ang inyong balak. Kung kailangan ninyo ng tulong magpatala o pumili ng angkop na plano sa inyong pangangailangan, huwag mag-atubiling humingi ng tulong sa MEDICARE—sa pamamagitan ng internet, sa pagtawag kanilang opisina, sa pagbisita sa MEDICARE, o sa paghingi ng tulong sa mga kinatawan ng MEDICARE sa tuwing may kaganapan sa inyong Community Center.. Wala kayong kailangang gawin kung hindi ninyo pinalitan ang inyong plano na angkop sa inyong pangangailangan para sa susunod na taon

Tandaan, sa panahon ng pagpapatala sa MEDICARE, maaari kayong manatili sa Original MEDICARE o lumipat sa MEDICARE Advantage Plan (na ang palakad ay katulad sa HMO o PPO) Kung MEDICARE Advantage Plan ang kinabibilangan ng inyong plano, pinahihintulutan kayo bumalik sa Original MEDICARE sa panahon ito.

## Mga paraan ng paghingi ng tulong para sa inyong pangangailangan:

1. **Pumunta sa www.medicare.gov/find-a-plan.** Upang gamitin ang MEDICARE Plan Finder.
2. **Nilalaman ng “MEDICARE & You” ang pinakahuling impormasyon** At listahan ng mga tagapag-bigay serbisyong pangkalusugan at ng mga butikang tumatanggap ng MEDICARE sa inyong kinaroroonan Pag-aralang mabuti ang mga sulat sa inyo na nagpapahayag ng mga pagbabagong nakatakda ukol inyong plano
3. **Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)** at bigkasin ang katagang “agent” Sa mga gumagamit ng TTY tawagan ang 1-877-486-2048 para humingi ng tuling o kung may tanong kayo ukol sa inyong plano May mga kinatawan ang MEDICARE na sasagot sa inyong mga tanong at pangangailangan bawat oras ng araw o gabi, mula Lunes hanggang Linggo. Bukod sa Inggles o Kastila, pinahihintulutan ang mga mamamayan na makitungo sa MEDICARE sa pamamagitan ng kanilang sariling wika. Banggitin lamang sa kinatawan upang ang inyong hiling.
4. Tumawag sa tanggapan ng State Health Insurance Assistance Program (o SHIP) upang humingi ng payo ukol sa planong pangkalusugang angkop sa inyong pangangailangan. Para sa listahan ng numero ng telepono ng mga opisina ng MEDICARE, pumunta sa www.medicare.gov/contacts o tumawag sa 1-800-MEDICARE at magtanong.

# Tandaan, maaaring mabago ang inyong MEDICARE bawat taon

## Mga araw na mahalaga para sa MEDICARE

### Sa buwan ng Setyember at Oktubre—Pagbalik-aralan at Paghambingin

**Pagbalik-aralan:** Maaaring mabago ang inyong plano Balikan ang nakatakdang pagbabago patungkol sa inyong plano para sa darating na taon.

**Paghambingin:**: Tuwing buwan ng Oktubre, maari ninyong pag-aralan ang iba't ibang plano ng MEDICARE at pumili ng angkop sa inyong pangangailangan.

### Mula sa ika-15 ng Oktubre, maaaring magpatala ang sinumang nangangailangan ng MEDICARE

Minsan lang sa isang taon na pinahihintulutan ng MEDICARE ang anumang nais ninyong baguhin sa inyong plano (pangkalusugan at para sa gamut) para sa susunod na taon

**Magdisisyon**: Mula ika-15 ng Oktubre, pinahihintulutan ng MEDICARE na baguhin ninyo ang inyong plano  para sa darating na taon.

### Ika-7 ng Disyembre—huling araw ng pagpapatala

Hanggang sa ika-7 ng Disyembre lamang pinahihintulutan ang aumang pagbabago sa MEDICARE para sa darating na taon. Kung nais ninyong magpatala sa MEDICARE o humingi ng pagbabago sa inyong plano, sagutin at ipadala ang application form bago lumipas ang ika-7 ng Disyembre.

### Sa ika-1 ng Enero—maari ng gamitin ang inyong MEDICARE

Kung sakaling pinalitan ninyo ang inyong MEDICARE, magkakabisa ito sa araw na ito. Lahat ng nakatakdang pagbabago (ukol sa sakop ng inyong plano, mga benepisyo, o inyong babayaran sa tuwing gagamitin ninyo ang inyong MEDICARE) ay magsisimula sa unang araw ng bagong taon, ika-1 ng Enero.

### Mga pagbabago sa inyong MEDICARE paglipas ng ika-1 ng Enero

Kung ang inyong kasalukuyang plano ay tinatawag na MEDICARE Advantage, at nais ninyong lumipat sa Original MEDICARE, pinahihintulutan ang paglipat mula sa unang araw ng bagong taon (ika-1 ng Enero) hanggang sa ika-14 ng Pebrero lamang. Kung sa panahong ito, lumipat kayo sa Original MEDICARE, binibigyan kayo ng pagkakataong idagdag ang MEDICARE Prescription Drug Plan sa inyong plano hanggang ika-14 ng Pebrero. Ang inyong planong MEDICARE ay magkakabisa sa unang araw ng susunod na buwan matapos ninyong ipadala ang application form para magpapatala.

# www.medicare.gov

# 1-800-MEDICARE

# (1-800-633-4227)

# TTY 1-877-486-2048

**Kailangan ba ninyo ng karagdagang tulong sa pagbili ng mga gamut kahit may MEDICARE Prescription Drug Coverage kayo?**

Kung hindi ninyo kayang bayaran ang inyong pananagutan para sa gamut, maaari kayong makahingi ng tulong Pumunta lamang sa www.socialsecurity.gov/i1020 para sa sagutan ang application form na kailangan  Maaari ring tumawag sa SSA 1-800-772-1213 para humingi ng tulong kung paano sagutan ang  pormang SSA-i1020 Sa mga gumagamit ng TTY tawagan ang 1-800-325-0778 para humingi ng tuling o kung may tanong kayo ukol sa inyong plano.

CMS CENTERS for MEDICARE & MEDICAID SERVICES

Produkto CMS #11220 - T (Tagalog)
Binago Oktubre, 2012